

Dibisyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DD) at mga Waiver: Buod ng Serbisyo

Hulyo 2025

Malayuang Suporta o Remote Supports

Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.

Pagkakaroon ng Waiver

Waiver ng Suporta sa Pamilya (FSW).

Waiver para sa Serbisyong Pang-araw ng mga Nasa Hustong Gulang na may

Kapansanang Pangkaunlaran (DDAD Waiver)

Komprehensibong Waiver para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (CDD)

Mga Code ng Serbisyo ng NFOCUS

Malayuang Suporta 9479 (I-install)

Malayuang Suporta 5663 (Buwanan)

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang Malayuang Suporta ay ang paggamit ng teknolohiya para sa isang tagapagbigay na tulungan ang isang kalahok mula sa ibang lokasyon sa pamamagitan ng live na dalawang-daan na komunikasyon. Pinapayagan nito ang isang tagapagbigay na subaybayan ang kalusugan at kaligtasan ng isang kalahok nang hindi pisikal na naroroon sa pamamagitan ng mga kagamitan tulad ng mga sensor at alerto na bumubuo ng real-time na data. Ang komunikasyon sa mga kawani ng malayuang suporta ay sa pamamagitan ng live o real-time na audio at/o video, asynchronous (na naka-record na) na teknolohiya ng komunikasyon. Ang mga kawani ay dapat na nandyan para sa personal na tulong sa anumang oras sa panahon ng serbisyo sa malayuang suporta kung kinakailangan.

Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

- A. Pinipili ng isang kalahok ang bawat serbisyo batay sa kanilang pangangailangan.
 - 1. Ang mga serbisyo ay dapat na magpataas ng kasarinlan at integrasyon sa komunidad; at
 - 2. Ang mga serbisyong napili sa ilalim ng waiver at ang taong magbibigay ng mga ito ay nakasaad sa Plano na Nakatuon sa Tao o Person-Centered Plan (PCP) ng kalahok.
- B. Ang mga kagamitan sa Malayuang Suporta ay dapat magsama ng isa o higit pa sa mga sumusunod na sistema:
 - 1. Sistemang Nagsusukat ng Paggalaw;
 - 2. Pagkilala gamit ang Radio Frequency;
 - 3. Live na video at/o audio na transmision
 - 4. Pagsubaybay sa GPS;
 - 5. Sistemang pagmomonitor na batay sa web; o
 - 6. Isang kagamitan na nakatutugon sa kahilingan para sa dalawang-daan na komunikasyon.
- C. Ang kalahok na tumatanggap ng Malayuang Suporta at ang bawat taong nakikisama sa indibiduwal ay kailangang pumayag sa pamamagitan ng sulat, pagkatapos na ganap na naipalam. Ang mga kawani ng Malayuang Suporta ay susubaybayan ang mga gawain ng kalahok at/o makinig sa kanilang mga pag-uusap sa tirahan kung saan magaganap ang Malayuang Suporta.
- D. Ang Malayuang Suporta ay magsasama ng mga sumusunod na bahagi ng serbisyo:

1. Kagamitan: Pag-install ng mga kagamitan na hindi panghihimasok sa pagiging pribado ng kalahok o ng iba pang residente at maaaring paganahin o patayin ng kalahok kung kinakailangan.
 2. Paghahatid ng Serbisyo: Buwanang implementasyon ng paglilingkod at pagsubaybay sa mga kagamitan ng teknolohiya at indibiduwal kung kinakailangan.
- E. Ang Malayuang Suporta ay may mga sumusunod na limitasyon:
1. Ang tagapagbigay ay dapat na matiyak na ang mga teknolohiya na ginagamit upang maihatid ang Malayuang Suporta ay sumusunod sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA), ang Health Information Technology for Economic and Clinical Health (HITECH) Act, at 45 CFR sections. 164.102 hanggang 164.534.
 2. Ang Malayuang Suporta ay maaaring hindi pinahihintulutan sa mga oras na magkasama sa Continuous Home, Host Home, Shared Living, o Youth Continuous Home.
 3. Ang Malayuang Suporta ay ibibigay sa paraan na iginagalang ang pagkapribado ng indibidwal at hindi inilaan upang subaybayan ang mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay. Hindi pinapayagan ang mga video camera/monitor sa mga silid-tulugan at banyo.
 4. Ang paggamit ng Malayuang Suporta ay dapat na isang desisyon na nakatuon sa tao at nagpapadali sa pagsasama sa komunidad, hindi panganib na humantong sa paghihiwalay ng kalahok mula sa komunidad o mula sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga tao.
 5. Ang pinagmulan ng lugar ay dapat magkaroon ng espasyo para sa lahat ng kagamitan ng programa at ganap na kakayahan sa pagpapadala ng datos.
 6. Hindi awtorisado ang Malayuang Suporta sa mga oras na pumapatong sa anumang iba pang serbisyong waiver na may kasamang pangangasiwa.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

Ang impormasyong nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangan para sa tagapagbigay. Ito ay nilalayong maging pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng partikular na serbisyong DD na ito.

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na Titulo ng Nebraska Administrative Code at mga Batas ng Estado ng Nebraska.
 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan sa Tagapagbigay ng Serbisyo ng Dibisyon ng Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 4. Kumpletong Kagawaran ng Kalusugan at Paglilingkod Pantao (DHHS) paanyaya; at
 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang Malayuang Suporta ay maaaring ibigay ng ahensya o mga independiyenteng tagapagbigay. Ang mga independiyenteng tagapagbigay ng serbisyo ay dapat na aprubado ng DDD Central Office.
1. Ang isang tagapagbigay ng ahensiyang DD ay isang kumpanya na nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid at sertipikado ng DHHS upang magbigay ng mga serbisyo ng DD at may pananagutan sa:
 - a. Pagkuha at pagsubaybay sa mga empleyadong nagtatrabaho kasama ang kalahok;
 - b. Pagkuha ng mga tauhan batay sa kanilang kwalipikasyon, karanasan, at ipinakitang kakayahan;
 - c. Pagbibigay ng pagsasanay upang matiyak na ang mga tauhan ay karapat-dapat na magbigay ng kinakailangang antas ng pangangalaga;
 - d. Pagsang-ayon na ipagkaloob ang mga plano sa pagsasanay sa DHHS;
 - e. Tiyakin ang sapat na pagkakaroon at kalidad ng serbisyo; at
 - f. Ibang mga administratibong tungkulin.

2. Ang isang independiyenteng tagapagbigay ng DD ay isang tao o nagbebenta na nakarehistro bilang Tagapagbigay ng Medicaid at nagtatrabaho sa isang kalahok.
 - a. Ang kalahok ay may pananagutan sa pag-upa at pagsubaybay sa kanilang tagapagbigay.
- C. Ang mga Malayuang Suporta o Remote Support ay hindi puwedeng isagawa o kontrolin ng mismong tumatanggap ng serbisyo.
- D. Ang Malayuang Suporta ay maaaring ilaan ng isang kamag-anak, ngunit hindi ng isang Legal na Tagapangalaga o isang Legal na Responsableng Indibiduwal.
- E. Ang mga tagapagbigay ng Malayuang Suporta ay kinakailangang bumuo ng mga patakaran at pamamaraan na kinabibilangan ng:
 1. Tinitiyak ang karapatan ng mga kalahok sa pagkapribado, dignidad, at paggalang, kasama na ang pagsunod sa HIPAA ng teknolohiya na ginagamit para sa Malayuang Suporta.
 2. Pagkuha ng nakasulat na nakakaalam na pahintulot mula sa kalahok, tagapag-alaga (kung naaangkop), at anumang iba na maaaring maapektuhan ng pagbibigay ng Malayuang Suporta, at pagpapanatili ng mga talaan ng mga pahintulot na ito.
 3. Tiyakin ang patuloy na saklaw ng Malayuang Suporta, kabilang ang personal na suporta, o makipag-ugnay sa EMS kung kinakailangan.
 4. Pagtuturo sa kalahok at tagapag-alaga sa paggamit ng kagamitan.
 5. Patuloy na pagtuturo ng kalahok sa paggamit ng mga aparato ng Malayuang Suporta.
 6. Patuloy na pagsasanay para sa mga kawani ng suporta.
 7. Pagtatapos ng mga kailangang tala o record ng mga kaganapang sinusubaybayan.

Mga singil

- A. Ang Malayuang Suporta ay dapat na bilhin sa loob ng taunang halaga ng indibiduwal na badyet ng isang kalahok.
- B. Ang Malayuang Suporta ay binabayaran sa isang beses na pag-install ng kaganapan at isang patuloy na buwanang bayad na kaganapan.
- C. Ang mga singil ng DD ay nakalista sa [tagapagbigay na webpage ng DD](#).
 1. Isa lamang na iskedyul ng bayad ang mabisa sa isang pagkakataon.
 2. Ang petsa ng pagsisimula ay nakasaad sa bawat iskedyul; kapag hindi na balido ang isang iskedyul ng singil, inilalagay ang petsa ng pagtatapos.